# Ika-15 ng Abril, 2025, Espesyal na Halalang Munisipal ng Lungsod ng Irvine (Distrito 5 ng Konseho) – Pahayag ng Serbisyo sa Publiko

**Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange ay dedikado sa pagprotekta sa karapatan ng bawat botante na bumoto nang madali at ligtas.**

SANTA ANA, CA – Ika-20 ng Marso, 2025 – Nagsimula na ang pagboto sa ika-15 ng Abril, 2025, ang Espesyal na Halalang Munisipal ng Lungsod ng Irvine (Distrito 5 ng Konseho).

Ipinadala sa koreo ang mga balota sa lahat ng aktibong nakarehistrong botante sa Distrito 5 ng Lungsod ng Irvine sa unang bahagi ng linggong ito.

Ang mga botante ay magkakaroon ng apat na opsiyon para bumoto sa panahon ng halalang ito:

1. Ipadala ang balota sa o bago ang Araw ng Halalan (hindi kinakailangan ang selyo). Para sa mga lokasyon ng mailbox, bisitahin ang ocvote.gov/mail

2. Gumamit ng isa sa dalawang ligtas na drop box sa Distrito 5 ng Lungsod ng Irvine. Para sa mga lokasyon, bisitain ang ocvote.gov/dropbox

3. Personal na ihulog ang balota sa isa sa dalawang Sentro ng Pagboto sa Distrito 5 ng Konseho ng Lungsod ng Irvine. Para sa impormasyon sa lokasyon at mga oras, bisitahin ang ocvote.gov/votecenter

4. Bumoto nang personal sa isa sa dalawang Sentro ng Pagboto sa Distrito 5 ng Lungsod ng Irvine.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Santa Ana ay mayroon ding drop box ng balota at available para sa lahat ng serbisyo sa mga botante para sa Distrito 5 ng Lungsod ng Irvine sa mga regular na oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. Bisitahin ang ocvote.gov/about para sa higit pang impormasyon.

Simula sa Sabado, ika-5 ng Abril, 2025, ang Sentro ng Pagboto sa Bulwagan ng Lungsod ng Irvine ay magbubukas ng 8 a.m. hanggang 5 p.m. hanggang sa ika-11 ng Abril, 2025. Simula sa Sabado, ika-12 ng Abril, 2025, hanggang sa ika-14 ng Abril, 2025, ang mga Sentro ng Pagboto sa Bulwagan ng Lungsod ng Irvine at Sentro ng Komunidad ng University Park ay magbubukas mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Sa Araw

ng Halalan, ang parehong mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari ring tumawag ang mga botante sa aming Hotline ng Botante sa 888-OCVOTES o 888-628-6837 para sa higit pang impormasyon.

Matatagpuan ang iba pang detalye tungkol sa Espesyal na Halalang Munisipal ng Lungsod ng Irvine (Distrito 5) sa ika-15 ng Abril, 2025 sa website ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange (ocvote.gov/elections).

# # #

**Tungkol sa Tagapagrehistro ng mga Botante:**
Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay may pananagutan para sa pagsasagawa ng mga halalan sa Kondado ng Orange, ang ikalimang pinakamalaking hurisdiksiyon ng pagboto sa United States na may 1.9 na milyong nakarehistrong botante. Kami ay isang ahensiya ng Kondado, na tumatanggap ng pagpopondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng Kondado at pana-panahong pagbabayad mula sa pederal na pamahalaan, Estado ng California at mga lokal na hurisdiksiyon. Magbasa pa >>

**Mga Kontak ng Media:**
Enedina Chhim
Tagapamahala ng Outreach ng Komunidad
714-567-5197
Mediasupport@ocvote.gov

**Pinagmulan:**
Tagapagrehistro ng mga Botante ng Kondado ng Orange

PAALALA SA MGA EDITOR: Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang page na Tungkol sa Amin o tumawag sa linya ng tulong ng media ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 714-567-5197.